

Pahayag ng mga Karapatan ng mga Manggagawa



Bill de Blasio
Mayor

**Consumer
Affairs**

Lorelei Salas
Commissioner

Tagalog | Tagalog

Ang mga manggagawa sa NYC ay may mga karapatan anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Ang Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA) ay ang pangunahing mapagkukunan ng impormasyon ng NYC para sa mga manggagawa.

Upang makipag-ugnayan sa DCA:

- Tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC)
- Mag-email sa OLPS@dca.nyc.gov
- Mangyaring bumisita sa nyc.gov/dca

Talaan ng mga Nilalaman

Iyong mga Karapatan

Bayad na Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit	2
Karapatang Mag-organisa	3
Pinakamababang Pasahod	4
Overtime	5
Lugar ng Trabaho na Malaya sa Diskriminasyon	6
Bayad para sa Trabahong Ginawa bilang Isang Independyenteng Kontratista	7
Ligtas at Malusog na Lugar ng Trabaho	8

Mga Proteksyong Partikular sa Industriya at Manggagawa

Industriya ng Kasuotan	9
Mga Manggagawa sa Serbisyong Panggusali	9
Mga Manggagawa sa Konstruksyon	10
Mga Manggagawa sa Tahanan	10
Mga Manggagawa sa Fast Food	11
Kontratang Trabaho sa Pamahalaan	11
Mga Manggagawa sa Pamilihan	12
Mga Menor de Edad	12
Mga Manggagawa sa Salong Pang-Kuko	12
Mga Manggagawang Binibigyan ng mga Tip	13



Bayad na Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit

Kung nagtrabaho ka sa NYC nang higit sa 80 oras sa isang taon, maaari kang makaipon ng hanggang 40 oras na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit bawat taon upang pangalagaan ang iyong sarili o tumulong sa sinuman na iyong tinuturing bilang kapamilya.

Gamitin ang pagliban para sa pangangalaga at paggagamot.

Gamitin ang pagliban dahil sa kaligtasan upang humingi ng tulong o magsagawa ng mga hakbang pangkaligtasan para sa anumang kilos o panganib sa away pampamilya, di-nais na sekswal na pagkontak, pag-stalk, o pag-kidnap.

Kung ang iyong employer ay may lima o higit pang mga empleyado, may karapatan ka sa *bayad* na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit.

Kung ang iyong employer ay may mas kaunti sa limang empleyado, may karapatan ka sa walang *bayad* na pagliban dahil sa kaligtasan at sakit.

Kung ikaw ay kasambahay, sumangguni sa pahina 10.

Ilegal para sa isang employer na gumanti laban sa iyo sa paghiling o paggamit ng pagliban dahil sa kaligtasan at sakit.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo sa DCA:

- Tumawag sa **311** (212-NEW-YORK sa labas ng NYC)
- Bumisita sa **nyc.gov/PaidSickLeave**
- Mag-email sa **PSSL@dca.nyc.gov**

Sa ilalim ng pederal na batas, maaaring may karapatan ka rin sa pagkuha ng dagdag na oras mula sa trabaho na walang bayad: Ang ilang mga manggagawa na nagtatrabaho para sa mga employer na may higit pa sa 50 na empleyado ay maaaring kumuha ng hanggang 12 linggong pagliban na walang bayad bawat taon upang pangalagaan ang kanilang sarili o isang

miyembro ng pamilya o upang magbuklod sa bagong anak. Ang pagliban ay maaaring kunin lahat nang minsanan o nang hiwa-hiwalay sa iba-ibang panahon.

Noon pang Enero 2018, karamihan sa mga manggagawa sa New York ay magiging kwalipikado upang kumuha ng bayad na pagliban na pampamilya upang samahan ang bagong anak, pangalagaan ang malapit na kamag-anak na may malubhang kondisyon sa kalusugan, o tugunan ang ilang mga pangangailangang military ng pamilya. Ang dami ng pagliban at bayad ay isasagawa nang unti-unti sa loob ng apat na taon, simula sa walong linggong bayad ng 50% ng sahod ng manggagawa sa 2018.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

U.S. Department of Labor
866-487-9243 | dol.gov/whd

U.S. Department of Labor Division Office in NYC
212-264-8185

New York State Paid Family Leave
844-337-6303 | ny.gov, Hanapin ang “Paid Family Leave”

Karapatang Mag-organisa

Maaari kang sumali kasama ng iyong mga katrabaho sa iba't ibang mga aktibidad tungkol sa mga isyu sa trabaho na mahalaga sa iyo, kabilang ang kung nais mong irepresenta ka ng isang unyon.

Hindi maaaring magbanta, magdiskrimina, o gumawa ng aksyon laban sa iyo sa pagtitipon o pagkausap sa iyong mga katrabaho tungkol sa mga kondisyon sa trabaho.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

National Labor Relations Board
866-667-NLRB | 866-667-6572 | NLRB.gov

[Pinapatuloy sa susunod na pahina >](#)



New York Regional Office (Manhattan/Bronx)

26 Federal Plaza, Room 3614

New York, NY 10278

212-264-0300

Brooklyn Regional Office (Brooklyn/Queens/Staten Island)

2 MetroTech Center

100 Myrtle Avenue, 5th Floor

Brooklyn, NY 11201

718-330-7713

Pinakamababang Pasahod



Dapat kang bayaran sa bawat oras na ikaw ay nagtrabaho, kabilang ang trabaho bago at/o pagkatapos ng iyong nakatakdang shift at oras na ginugol sa pagbiyahe sa mga araw ng trabaho.

Noong Disyembre 31, 2017, ang mga pinakamababang pasahod na ito ay ipanapatupad:

Pinakamababang Pasahod sa Lungsod ng New York – Talaan ng Bayad	12/31/17	12/31/18	12/31/19
Mga Employer ng Fast Food			
Anumang bilang ng mga manggagawa	\$13.50	\$15.00	
Lahat ng Iba Pang Employer			
10 o mas kaunting manggagawa	\$12.00	\$13.50	\$15.00
11 o higit pang manggagawa	\$13.00	\$15.00	

Mayroong ispesyal na bayad para sa mga manggagawang binibigyan ng tip.

[Pinapatuloy sa susunod na pahina >](#)

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

New York State Department of Labor

888-469-7365 | labor.ny.gov

New York State Department of Labor – NYC District Office

212-775-3880

U.S. Department of Labor – Division Office in NYC

212-264-8185



Overtime

Kung nagtrabaho ka nang higit sa 40 oras sa isang linggo, dapat magbayad ang iyong employer ng

hindi bababa sa 1.5 beses ng iyong regular na bayad para sa mga oras na lampas sa 40.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

New York State Department of Labor

888-469-7365 | labor.ny.gov

New York State Department of Labor – NYC District Office


212-775-3880

U.S. Department of Labor

866-487-9243 | dol.gov/whd

U.S. Department of Labor – Division Office in NYC

212-264-8185



Lugar ng Trabaho na Malaya sa Diskriminasyon

Ipinagbabawal ng batas ng lungsod, estado at pederal ang diskriminasyon batay sa sumusunod ng manggagawa:

- Edad
- Pagiging Dayuhan o Katayuan ng Pagkamamamayan
- Kulay
- Kapansanan o Pinaghihinalaang Kapansanan
- Seks, Kasarian, o Kasariang Pagkikilanlan (kabilang ang Sekswal na Panliligalig)
- Katayuan sa Kasal o Pagkakasama
- Bansang Pinagmulan
- Pagbubuntis
- Lahi
- Relihiyon/Paniniwala
- Sekswal na Oryentasyon
- Talaan ng Aresto o Paghatol
- Katayuan sa Pagiging Tagapagbigay ng Pangangalaga
- Kasaysayan ng Kredit ng Mamimili
- Katayuan sa Walang Trabaho
- Katayuan bilang Isang Biktima ng Karahasan sa Tahanan, Paniniktik, at mga Sekswal na Paglabag
- Paghihiganti sa Pagsalungat sa mga Kasanayang Nagdidiskrimina
- Genetika
- Katayuan sa Pamilya
- Katayuan sa Militar

Ipinagbabawal ng batas ang pagdiskrimina sa anumang mga pasya na nakaaapekto sa mga tuntunin at kondisyon ng pagtrabaho.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

NYC Commission on Human Rights

Tumawag sa 311 o 718-722-3131 | nyc.gov/humanrights

U.S. Equal Employment Opportunity Commission

800-669-4000 | eeoc.gov

New York State Division of Human Rights

888-392-3644 | dhr.ny.gov

Bayad para sa Trabahong Ginawa bilang Isang Independyenteng Kontratista



Kung ikaw ay isang freelance worker ng NYC, mayroon kang mga legal na mga karapatan kabilang ang:

- **Nakasulat na Kontrata**

Ang lahat ng mga kontratang nagkakahalagang \$800 o mahigit ay dapat na nakasulat. Kabilang dito ang lahat ng mga kasunduan sa pagitan mo at ng kumakasundong partido na umaabot sa halagang \$800 sa anumang 120-araw na panahon. Ang nakasulat na kontrata ay dapat na nagpapaliwanag ng trabaho na iyong isasagawa; ang bayad para sa trabaho; at ang petsa kung kailan ka babayaran. Ikaw at ang kumakasundong partido ay dapat magtabi ng kopya ng nakasulat na kontrata.

- **Napapanahong Pagbabayad**

Ang kumakasundong partido ay dapat bayaran ka para sa lahat ng nakumpletong trabaho. Dapat matanggap mo ang kabayaran sa o bago ang petsa na nasa kontrata. Kung walang petsa ng pagbayad sa kontrata, ang kumakasundong partido ay dapat magbayad sa iyo sa loob ng 30 araw pagkatapos mong makumpleto ang trabaho.

- **Karapatang Maghabla**

Maaari mong ihabla ang kumakasundong partido sa korte upang humingi ng danyos. Kung hindi napapanahon ang pagbayad sa iyo para sa iyong trabaho, may karapatan kang kumolekta ng doble ng halaga ng hindi ibinayad sa iyo, danyos para sa pagganti, at kabayaran sa mga bayad at gastos sa abogado.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo sa DCA:

- Tumawag sa **311** (212-NEW-YORK sa labas ng NYC)
- Mag-email sa **Freelancer@dca.nyc.gov**
- Mangyaring bumisita sa **nyc.gov/dca**

Ligtas at Malusog na Lugar ng Trabaho



Ang iyong lugar ng trabaho ay dapat malaya mula sa mga tukoy na panganib sa kalusugan at kaligtasan. Mayroon ka ring karapatan na makatanggap ng impormasyon at pagsasanay tungkol sa mga panganib sa trabaho.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

Occupational Safety and Health Administration (OSHA)

800-321-OSHA | 800-321-6742 | [OSHA.gov](https://www.osha.gov)

Manhattan Area Office

201 Varick Street, Room 908
New York, NY 10014
212-620-3200

Queens District Office of the Manhattan Area Office

45-17 Marathon Parkway
Little Neck, NY 11362
718-279-9060

Maaaring karapat-dapat ka rin sa kabayaran upang bayaran ang ilang bahagi ng iyong sahod at medikal na paggamot kung makaranas ka ng pinsala sa trabaho, hindi alintana kung sino ang may kasalanan.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo sa kabayaran ng manggagawa, makipag-ugnayan sa:

New York State Workers' Compensation Board

877-632-4996 | [wcb.ny.gov](https://www.wcb.ny.gov)

Brooklyn District Office (Brooklyn, Staten Island)

111 Livingston Street, 22nd Floor
Brooklyn, NY 11201

Manhattan District Office (Bronx, Manhattan)

215 West 125th Street
New York, NY 10027

Queens District Office
168-46 91st Street, 3rd Floor
Jamaica, NY 11432

Industriya ng Kasuotan

Ang mga manggagawa sa kasuotan ay dapat bayaran ng hindi bababa sa pinakamababang pasahod ng estado kada oras at overtime, kahit pa sila ay gumagawa ng trabahong por piyesa. Ang mga employer ay dapat magpatala sa Kagawaran ng Paggawa ng Estado ng New York (New York State Department of Labor) upang magpatrabaho sa New York.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa:

- **labor.ny.gov** at hanapin ang “Apparel Industry Task Force” (Estado ng New York)
- **dol.gov** at hanapin ang “Wage and Hour Division” (Estados Unidos)

Mga Manggagawa sa Serbisyong Panggusali

Depende sa uri ng gusali na iyong pinagtatrabahuhan, maaaring saklaw ka ng batas na nag-aatas sa iyong employer na magbayad ng pasahod na mas mataas kaysa sa pinakamababang pasahod.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa **labor.ny.gov** at hanapin ang “building service industry.”

Ang Batas sa Nasisanteng mga Manggagawa ng Serbisyong Panggusali ng NYC ay nag-aatas sa ilang mga bagong may-ari ng gusali, tagapamahala, kontratista, at nangungupahang pang-komersyal na panatilihin ang kasalukuyang mga empleyado ng serbisyong panggusali sa panahon ng 90-araw na transisyon. Pagkatapos ng panahon ng transisyon, dapat alukin ka ng patuloy na trabaho kung sa palagay ng bagong employer ang iyong pagganap ay kasiya-siya.

[Pinapatuloy sa susunod na pahina >](#)

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa ng DCA para sa impormasyon:

- Mag-email sa **OLPS@dca.nyc.gov**
- Mangyaring bumisita sa **nyc.gov/dca**

Mga Manggagawa sa Konstruksyon

Kung ikaw ay isang manggagawa sa konstruksyon sa Estado ng New York, ikaw ay karaniwang itinuturing na empleyadong protektado ng mga batas sa lugar ng trabaho. Maaari kang humingi ng legal na payo kung ikaw ay isang manggagawa ng konstruksyon na itinuturing bilang independyenteng kontratista.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa **labor.ny.gov** at hanapin ang “construction workers.”

Mga Manggagawa sa Tahanan

Kung ikaw ay isang binabayaran manggagawa sa pangangalaga, tulad ng yaya, taga-linis ng tahanan, o tulong sa kalusugan sa tahanan, ang Pahayag ng mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Tahanan ng New York ay nagbibigay sa iyo ng karapatan sa bayad sa overtime, lingguhan pahinga, tatlong bayad na araw ng pahinga bawat taon, at mga proteksyon mula sa sekswal at panlahing panliligalig. Ang Batas ng Lungsod sa Bayad na Pagliban Dahil sa Kaligtasan at Sakit ay nagbibigay sa iyo ng dagdag na pagliban para sa mga layuning liban sa sakit at liban sa kaligtasan kada taon na dagdag sa taunang bayad na tatlong araw ng pahinga.

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa ng DCA para sa impormasyon tungkol sa mga karapatan at mapagkukunan:

- Tumawag sa **311** (212-NEW-YORK sa labas ng NYC)
- Mag-email sa **PaidCare@dca.nyc.gov**
- Mangyaring bumisita sa **nyc.gov/dca**

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa **labor.ny.gov** at hanapin ang “domestic worker.”

Mga Manggagawa sa Fast Food

Sa ibaba ay ang mga pinakamababang pasahod na bayad sa 2017 at 2018.

Talaan ng Bayad	12/31/17	12/31/18
	\$13.50	\$15.00

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa **labor.ny.gov** at hanapin ang “fast food workers.”

Kontratang Trabaho sa Pamahalaan

Ang ilang mga negosyo na nangongontrata sa mga ahensya ng pamahalaan upang kumpletuhin ang mga proyektong gawaing bayan o magsagawa ng ilang mga serbisyo ay maaaring kinakailangang bayaran ang mga empleyado ng alinman sa “kasalukuyang pasahod na bayad” o “gastos ng pamumuhay na pasahod na bayad,” na mas mataas kaysa sa pinakamababang pasahod at nagbibigay ng mga benepisyo o dagdag na suplemento sa pasahod.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa:

- **comptroller.nyc.gov** at hanapin ang “Prevailing Wage” (Lungsod ng New York)
- **labor.ny.gov** at hanapin ang “The Bureau of Public Work” (Lungsod ng New York)
- **health.ny.gov** at hanapin ang “Medicaid Home Care Workers” (Lungsod ng New York)
- **dol.gov** at hanapin ang “Government Contracts” (Estado Unidos)

Mga Manggagawa sa Pamilihan

Kung ikaw ay natatrabaho sa pamilihan na ibinenta, dapat abisuhan ka ng dating may-ari tungkol sa pagpapalit ng may-ari at iyong mga karapatan sa trabaho. Kasunod ng pagbenta, kinakailangang panatilihin ng bagong may-ari ang lahat ng kasalukuyang kawani na nagtatrabaho sa tindahan nang hindi bababa sa 90 araw pagkatapos ng petsa ng pagbenta. Pagkatapos ng 90 araw, ang bagong may-ari ay maaaring magpasyang panatilihin ang sinuman sa mga kasalukuyang mga manggagawa bilang mga empleyado.

Para sa impormasyon o upang magsampa ng reklamo sa DCA:

- Tumawag sa **311** (212-NEW-YORK sa labas ng NYC)
- Mag-email sa **grocerylaw@dca.nyc.gov**
- Mangyaring bumisita sa **nyc.gov/dca**

Mga Menor de Edad

May mga limitasyon sa uri at oras ng trabaho na maaaring isagawa ng mga batang wala pang 18 taong gulang.

Para sa dagdag na impormasyon, bumisita sa **labor.ny.gov** at hanapin ang “Laws Governing the Employment of Minors” (Estado ng New York).

Mga Manggagawa sa Salong Pang-Kuko

Ang Pahayag ng mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Salong Pang-Kuko ay nag-aatas sa mga salong pang-kuko na tugunan ang ilang mga kinakailangan sa kaligtasan at magbayad ang tamang pasahod.

Para sa dagdag na impormasyon o upang magsampa ng reklamo:

- Bumisita sa **labor.ny.gov** at hanapin ang “nail workers.”
- Tumawag sa **Task Force Hotline** sa 888-469-7365.
- Bumisita sa **labor.ny.gov** (upang iulat ang pang-aabuso sa industriya ng salong pang-kuko).

Mga Manggagawang Binabayaran ng Tip

Mayroong ispesyal na mga pasahod na bayad at mga patakaran para sa mga manggagawang tumatanggap ng mga tip. Upang maging kwalipikado na gumamit sa mga bayad na ito, ang employer ay dapat magbigay sa mga manggagawa ng paunang abiso na sila ay naghahabol ng kredit sa tip, at hindi dapat sila kumukuha sa iyong mga tip.

Para sa dagdag na impormasyon o upang magsampa ng reklamo, makipag-ugnayan sa:

New York State Department of Labor

888-469-7365 | labor.ny.gov

New York State Department of Labor – NYC District Office

212-775-3880

U.S. Department of Labor

866-487-9243 | dol.gov/whd

U.S. Department of Labor – Division Office in NYC

212-264-8185

Mga Tala

Mga Tala

Mga Tala

Ang Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa ng DCA ay isang nakatalagang boses sa pamahalaan ng Lungsod para sa mga manggagawa. Inatasan upang tumulong sa mga madaling malinlang na mga manggagawa, tinatanggap ng OLPS ang aming kautusan na pagtuonan ang mga isyu na nakaaapekto sa mga imigrante, mga taong may kulay, at kababaihan sa lugar ng trabaho.

OLPS:

- **Pinapatupad** ang pangunahing mga munisipal na batas sa lugar ng trabaho.
- **Nagsasagawa** ng paunang pananaliksik, pagtulong, at edukasyon.
- **Bumubuo** ng mga patakaran na tumutugon sa nagbabagong ekonomiya at manggagawa ng Lungsod ng New York.



Bill de Blasio
Mayor

Consumer Affairs

Lorelei Salas
Commissioner

Pinoprotektahan at pinapahusay ng DCA ang pang-araw-araw na buhay pang-ekonomiya ng mga residente ng New York upang makalikha ng umuunlad na mga komunidad. Sa pamamagitan ng trabaho ng aming Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan sa Paggawa, pinapalakas ng DCA ang mga pamilyang nagtatrabaho sa pamamagitan ng pagbigay ng mga kagamitan at mapagkukunan na kanilang kailangan upang makamit ang pinansyal na kalusugan at balanse sa trabaho at buhay.